Nagsabi ang isang lalaki sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa Araw ng Uḥud: "Sabihin mo, kung mamatay ako ay saan ako?" Nagsabi siya: "Sa Paraiso." Itinapon niya ang mga datiles na nasa kamay niya. Pagkatapos ay nakipaglaban siya hanggang sa mapatay siya.

Ayon kay Jābir bin Abdullāh, malugod si Allāh sa kanilang dalawa, na nagsabi: Nagsabi ang isang lalaki sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa Araw ng Uḥud: "Sabihin mo, kung mamatay ako ay saan ako?" Nagsabi siya: "Sa Paraiso." Itinapon niya ang mga datiles na nasa kamay niya. Pagkatapos ay nakipaglaban siya hanggang sa mapatay siya.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinabatid ni Jābir bin Abdullāh, malugod si Allāh sa kanilang dalawa, na may isang lalaking ang pangalan ay `Umayr bin Al-Ḥammām na nagsabi sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa Araw ng Pagsalakay sa Uḥud: "O Sugo ni Allāh, sabihin mo, kung nakipaglaban ako hanggang mamatay ako - nangangahulugang: nakibaka ako laban sa mga Mushrik - at napatay ako sa pangyayaring ito, ano ang hantungan ko?" Nagsabi siya: "Ikaw ay nasa Paraiso." Kaya itinapon niya ang mga datiles na dala niya at nagsabi: "Tunay na ito ay talagang mahabang buhay kung mananatili ako upang kainin ang mga datiles na ito." Pagkatapos ay sumulong siya at nakipaglaban hanggang sa mapatay siya. Malugod si Allāh sa kanya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3194